

# Seattle Permits

—bahagi ng isang series ng maraming departamento patungkol sa mga serbisyo at pagbibigay ng permit ng Lungsod

## Mga Regulasyon at Paghihigpit Kaugnay ng Pagsusunog sa Labas

Updated January 2019

Karaniwang ipinagbabawal sa Lungsod ng Seattle ang magsunog sa labas.

May ilang partikular na limitadong sitwasyon kung saan maaaring payagang magsunog sa labas, sa kundisyon na masusunod ang mahihigpit na inaatas kaugnay ng kaligtasan, at ang mga kondisyon ng kalidad ng hangin ay naaangkop sa pagsusunog sa labas.

### Mga Kahulugan

Ang recreational fire ay tumutukoy sa pagsusunog sa labas gamit ang uling o panggatong na kahoy sa mga inilaang lugar o sa pribadong ari-arian para sa pagluluto -, kasiyahan, seremonya, o mga katulad na layunin. Ang mga pagsusunog na ginagawa para tuluyang magtupok ng mga debris ay hindi maituturing na recreational fire.

### Kailan Kailangan ng Permit?

Hindi kinakailangan ng mga permit mula sa Fire Department para sa paggamit ng mga portable na fireplace sa labas, recreational fire at pagluluto-maliban na lang kung lumampas ang lapad ng mga ito sa tatlong talampakan at ang taas ng mga ito sa dalawang talampakan. Ang mga apoy na mas malaki sa tatlong talampakan sa dalawang talampakan ay mangangailangan ng permit mula sa Puget Sound Clean Air Agency at Seattle Fire Department.

### Mga Regulasyon sa Kalidad ng Hangin

Kapag hindi maganda ang kondisyon ng kalidad ng hangin, maaaring ipagbawal ng Puget Sound Clean Air Agency ang pagsusunog sa loob at labas. Upang malaman kung may pagbabawal sa pagsusunog dahil sa kalidad ng hangin, tumawag sa 1-800-595-4341, o kaya ay puntahan ang kanilang website sa

[www.pscleanair.org](http://www.pscleanair.org).

### Mga Kinakailangan sa Recreational Fire (Seattle Fire Code)

Ang mga recreational fire ay para sa pagluluto, kasiyahan, layuning panrelihiyon, panserimonya, o mga katulad na layunin kung saan ang pagsusunog ay sa labas na fireplace, ihawan, o kaya ay sa barbecue pit.

Ang mga recreational fire ay pinapayagan lang kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

1. Walang ipinagbabawal na pagsusunog.
2. Ang apoy ay hindi lampas sa tatlong talampakan ang diameter at dalawang talampakan ang taas.
3. Ang distansya ng pagsusunog ay hindi bababa sa 25 talampakan mula sa anumang istruk-tura o madaling masusunog na materyal. Dapat limitahan ang mga kondisyong maaaring magsanhi ng pagkalat ng apoy bago magsimula.
4. Hindi nagsusunog ng mga basura, kalat, dumi, o papel.
5. May madaling makukuha at magagamit na kagamitang pamatay ng sunog. Kasama dapat dito ang isang pala at dalawang timba ng tubig, o isang garden hose o fire extinguisher na may 4-A rating.
6. Patuloy dapat na bantayan ng isang nasa hustong gulang ang apoy hanggang sa tuluyan na itong maapula.
7. Hindi isinasagawa ang pagsusunog sa isang pampublikong -ari-arian kung saan ipinagbabawal ito, gaya sa isang parke o sa paaralaan. Pinapayagan lang ang pagsusunog sa mga parke- kung saan partikular na inaawtorisahan, at sa mga inilaang lugar na puwedeng pagsunogan.

[www.seattle.gov/fire](http://www.seattle.gov/fire)



City of Seattle  
Fire Department

Fire Prevention Division  
220 3rd Avenue South  
(206) 386-1450

8. Kung ang apoy ay nasa isang sweat lodge, ang mismong lodge ay dapat na wala pang 200 kuwadrangong talampakan ang laki kung itatayo bilang tent.

Maaari kang atasan ng Fire Department na tapusin ang mga pagsusunog kung hindi matutugunan ang mga kondisyong ito o anumang oras na paghihinalang hindi ligtas na magsunog dahil sa mga kondisyon.

### **Mga Ipinagbabawal na Materyal**

Ang mga sumusunod na materyal ay hindi maaaring sunugin sa anumang panlabas na pagsusunog—basura, mga patay na hayop, aspalto, produktong petro-leum, pintura, produktong goma, plastik, papel (bukod pa sa kung ano ang kinakailangan para makapagsimula ng apoy), cardboard, treated wood, construction/demolition debris, metal, o anumang substance (bukod sa natural vegetation) na karaniwang naglalabas ng mga nakakalasang emisyon, makapal na usok, o nakasusulasok na amoy kapag sinunog.

### **Paggamit ng Mga Portable na Fireplace sa Labas**

Ang patio fireplace ay idinisenyo bilang - masonry o fireplace na binuo sa pabrika, maliban sa mga portable, panlabas, solid-fuel burn-ing fireplace. Maaaring gawa ang mga ito sa bakal, konkreto o clay at maaaring walang maliit na tsimineia.

Pinapayagan ang paggamit ng mga patio fireplace kung matutugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

1. Walang ipinagbabawal na pagsusunog.
2. Ang patio fireplace ay hindi nakapuwesto sa isang deck o balkonahe at wala sa 15 talampakan ang layo mula sa isang istruktura o madaling masusunog na materyal o vegeta-tion. Ang paggamit ng mga patio fireplace sa mga single family home at duplex ay hindi saklaw ng inaatas na ito.
3. Hindi nagsusunog ng mga basura, kalat, dumi, o papel.
4. May madaling makukuha at magagamit na kagamitang pamatay ng sunog-. Kasama dapat dito ang isang pala at dalawang timba ng tubig, o isang garden hose o fire extinguisher na may 4-A rating.
5. Hindi isinasagawa ang pagsusunog sa isang pampublikong ari-arian kung saan ipinagbabawal ito,

gaya sa isang parke o sa paaralaan. Pinapayagan lang ang pagsusunog sa mga parke- kung saan partikular na inaawtorisahan, at kung nasaan ang mga inilaang lugar na puwedeng pagsunogan.

6. Dapat gamitin alinsunod sa mga tagubilin ng manufacturer.

### **Mga Mapanganib na Pagsusunog**

Inaawtorisahan ng Seksyon 307.3 ng Seattle Fire Code ang Fire Department na iatas ang kaagad na pagpapahinto ng recreational fire o pagsusunog sa patio fireplace kung may dala itong panganib.